
# Angkinin Muli Ang Iyong Buhay

(Paunang Desisyon Serye: Unang Bahagi)

Sis. Mik Rodriguez-Flores

Hulyo 19, 2025

Sa araw-araw nating buhay, nakaharap tayo sa pagsubok sa pagbibigay ng desisyon (maliit o malaki), na sa totoo ang mga ito'y nakalulula. Mahalaga na ang ating layunin ay makagawa ng tama, matalino at maka-Diyos na desisyon, ayon sa Kanyang kalooban.




**1. Ang Katotohanang Hindi Tayo Nakapagbibigay ng Mabuting Desisyon**

1.1. Nalulula tayo sa pagbibigay ng napakaraming desisyon sa loob ng isang araw, na ang resulta nito ay hindi gaanong matalinong desisyon. Dahil sa limitado lamang ang ating kakayahan, hindi tayo matibay gaya ng nasa isip natin.

1.2. May takot na baka maka-pagpasya ng mali, na minsan nagreresulta sa pagpapasyang "Bahala Na."

1.3. Pinababayaan nating mangibabaw ang ating emosyon. Minsan, nakapagbibitiw tayo ng mga salitang masasakit; kaya, nasisira ang pagbibigay natin ng desisyon dahil sa maling pasya at reaksyong ayon sa panandaliang emosyon.

**2. Ang Kalidad ng Ating Desisyon na Nakaka-apekto sa Kalidad ng Ating Buhay**

2.1. Ang maayos na buhay ay resulta ng **paunang pagpapasya.** Kaya, kailangan natin magpasya muna ngayon (sa pamamagitan ng Salita ng Diyos) at malaman ang susunod na aksyon (kung makaharap ng ganitong sitwasyon) para makaiwas sa buhay na puno ng pagsisisi.

2.2. Ang paggalang sa Diyos ang dapat na pangunahing layunin sa bawat desisyong gagawin. Dapat magdasal muna tayo at sumangguni sa Diyos sa pamamagitan ng Salita ng Diyos bago magkaroon ng desisyon. Bumalangkas dapat tayo ng desisyong nakasentro sa mga katangian ng Diyos at herarkiya ng mga prayoridad.

**3. Mga Halimbawa ng mga Tao sa Bibliya na may paunang pagpapasya**

3.1. **Abraham-**nagpasya na siyang maniwala sa Panginoon, sa Kanyang mga pangako at sumunod sa Kanya (Gen. 15:6).

3.2. **Ruth-** nagpasyang sumunod kay Naomi at pinili ang kanyang Diyos (Ruth1).

3.3. **Daniel-** nagpasyang sumamba sa Diyos maski nasa kulungan siya ng mga leon (Dan. 1:8).

3.4. **Joshua-** nagpasyang magsamba at maglingkod sa Diyos maski ayaw sumunod ang kanyang mga tao (Josh.24:15).

**4. Mga Desisyong Nakabatay sa mga Tao at mga Bagay na higit nating pinahahalagahan**

Kung malinaw ang ating pinahahalagahan, mabilis ang ating pagdedesisyon. Kaya, iginagalang natin ang kahalagahang inilagay ng Diyos sa ating puso, ang proseso ng pagpupuri sa Salita ng Diyos.

**5. Mga dahilan bakit hindi matalino ang mga desisyon:**

5.1 Paiba-iba ang pagbibigay ng tamang desisyon

5.2 Hindi namalayan ang kalabang espiritwal

5.3 Hindi sinasadya, sa halip na maging maagap, madasalin at mamuhay nang may layunin

5.4. Pagiging makasarili, hindi humihingi ng payo

5.5 Pagiging mahina ang paningin sa malayo, limitado ang nakikita at hindi nakikita ang bukas

5.6. Sumusuko sa gitna ng mga pagsubok

**6. Sumulong at Angkinin Muli ang Ating Buhay**

Ang paggawa ng paunang desisyon at pagdedeklara ng mga sumusunod ang mag-titiyak na ma-aangkin natin muli ang ating buhay -

- Ako ay handa! Ako ay hindi nagbabago!
- Ako ay mapagmahal! Ako ay mapagbigay!
- Ako ay matapat! Ako ay pambuo!

**Konklusyon:**

Mahalaga na ang ating mga desisyon ay nakahanay sa banal na kalooban ng Diyos para makapamuhay tayo nang tahimik at may makabuluhang buhay. Sa pang-wakas, ang ating mga desisyon ay dapat nakabatay sa herarkiya ng mga prayoridad at base sa mga ugaling nakasentro sa Diyos.

**Pagninilay:** Sumasangguni ka ba sa Diyos sa paggawa ng mahahalagang desisyon?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-Edit ni: Vera I. Tuplano
Tags: #Purpose #Decisions
https:/lordsflock.org/teachings/digest
https://www.facebook.com/share/v/1ZGT9P3LpQ/